**El Galeon de Simeon – 2nd prize – Dulang May Isang Yugto 2011**

Sa tuktok ng burol, habang hinahabol ng panganib, pinipilit ng walong taong gulang na si Simeon ang nakababatang kapatid na si Simang na tumalon at sumigaw upang makita sila ng amang pinaniniwalaang sakay ng natatanaw na galeon. Umaasa s'yang kukunin sila ng ama mula sa tuktok ng burol, isasakay sa galeon, at tuluyan na silang maglalayag patungong kaligtasan.

Upang mapawi ang takot ni Simang sa paparating na panganib, nagpasya si Simeong gumawa ng sibat at mangolekta ng bato para sa kanyang balatik.  Dala naman ng matinding gutom, nagpasya si Simang na kumain ng damo. Pinigilan s'ya ni Simeon, pinayuhang tiisin na lamang muna ang gutom at pinangakuang makakakain s'ya ng maraming pagkain kung sila'y makatapak na sa galeon. Tinulungan ni Simang si Simeong gumawa ng mga sibat.

Sa kanilang paggawa ng sibat, naalala nila ang bunsong kapatid: ang sanggol na si Monang. Nagsimulang bumuo ng plano si Simeon upang maging si Monang ay madala sa galeon at makaligtas mula sa panganib. Bagama't nananatiling takot pa rin, pumayag si Simang sa plano ni Simeon at inensayo ang kanyang bahagi sa kanilang pagliligtas sa mga sarili at kay Monang. Nu'ng mabuo na ang kanilang plano, dumating ang kanilang inang karga-karga si Monang.

Sa pagdating ng kanilang ina, matutuklasan ni Simeon ang tunay na pinagmumulan ng panganib na humahabol sa kanila, at ang katotohanan tungkol sa pangakong paglalayag patungong kaligtasan ng galeong pinangalanan ng kanilang amang San Simeon.

**El Galeon de Simeon**

**Mga Tauhan:**

**Simeon,** walong taong gulang

**Simang,** pitong taong gulang, kapatid ni Simeon

**Nanay,** early 20s, ina ni Simeon, nakasaklay

**Monang,** sanggol, kapatid ni Simeon

Sa tuktok ng burol. Sa kanan ay may puno. Sa kaliwa ay may malaking bato. Sa tabi nito ay may mga maliliit na sanga ng puno. May mga damong ligaw at maliliit na bato sa paligid. Nakatanaw sa kabilang ibayo si Simeon. Kumukuha ng mga damo si Simang, pinuputol-putol ng maliliit ang mga damo.

Simeon: Mira tu, mira tu! Alla mi nombre oh! [Tingnan mo, tingnan mo! Andu'n ang pangalan ko oh!]

Simang: *(Patuloy sa pagpuputol ng mga damo)* Wala naman e.

Simeon: Sabi ni Papang, ilalagay n'ya raw ang pangalan ko.

Simang: 'Di ka naman marunong bumasa e.

Simeon: 'Di ka naniniwala kay Papang?

Simang: Gutom na ako.

(*Kakainin ni Simang ang damo. Kukunin ni Simeon ang damo.)*

Simeon: Ano ka kambing?

Simang: *(Babawiin ang damo)* Gutom na ako!

*(Aagawin ni Simeon ang damo, tatakbo palayo kay Simang. Hahabulin ni Simang si Simeon.)*

Simeon: Hindi tayo kambing!

Simang: Gutom na ako!

*(Puputol muli ng damo si Simang, isusubo. Ipapaluwa ni Simeon ang damo kay Simang.)*

Simeon: Kanin ang pinapakain sa atin ng Papang dahil hindi tayo mga kambing.

Simang: Masakit na tiyan ko! *(Mauupo, maiiyak)* Nu'ng isang araw pa tayo huling kumain. Kinakain na ng malalaking bituka ko ang maliliit na bituka ko!

*(Patlang.)*

Simeon: *(Tatabihan si Simang)* H'wag ka na umiyak. Gusto mo ba ng bayabas? Chico? Camachile at datiles?

Simang: Wala ka naman ng mga 'yun e.

Simeon: Ako wala. *(Ituturo ang tinatanaw)* Pero du'n, meron.

*(Patlang. Gamit ang kamay, magbubungkal ng lupa si Simang.)*

Simang: May pagkain kaya rito?

Simeon: Doon nga. Doon sa pangalan ko.

Simang: Ang hirap namang maghanap ng pagkain.

Simeon: Du'n sa San Simeon. Du'n maraming pagkain.

Simang: E paalis pa lang kaya 'yon. Wala pa 'yung mga prutas ng mga Mexicano.

Simeon: 'Pag sumama tayo ro'n, makakatikim ka ng maraming pagkain. Iba-iba.

*(Pupunta sa dulo ng burol si Simang. Tatanaw.)*

Simang: Wala naman akong nakikitang pagkain oh. Puro mga tao lang saka mga kahon.

Simeon: 'Di ka ba naniniwala kay Nyora Juana?

Simang: Hindi.

Simeon: Ninang mo, hindi mo pinaniniwalaan.

Simang: Ayaw n'ya sa akin.

*(Patlang. Babalik sa pagbubungkal ng lupa si Simang. Muling tatanaw si Simeon.)*

Simeon: Papang! Papang!

*(Hihilahin ni Simeon si Simang patungong dulo ng burol.)*

Simeon: Prontu! Talla el Papang. [Bilisan mo! Andu'n ang Papang!] *(Kakaway)* Papang! Papang! Nandito kami! Papang!

Simang: Pa'no mo naman makikita si Papang? Ang liliit ng mga tao oh.

Simeon: Nakita ko. Ayun s'ya. Ayun! *(Tatalon)* Papang! Nandito kami ni Simang! Papang! *(Kay Simang)* Tumalon ka para makita tayo.

Simang: Gutom na nga tatalon pa.

Simeon: 'Pag tumalon ka, mabubusog ka.

Simang: Lalo lang akong magugutom.

Simeon: Makikita tayo ni Papang.

Simang: Pa'no n'ya tayo makikita eh duling s'ya?

Simeon: Duling lang, hindi bulag.

Simang: Eh kahit makita n'ya tayo, pa'no naman tayo pupunta ro'n? Ang layo-layo oh.

Simeon: Kukunin n'ya tayo rito para dalhin do'n. Tumalon ka na. *(Tatalon at kakaway)* Papang! Papang!

*(Pupunta sa malaking bato si Simang, kukuha ng isang sanga. Gamit ang isang bato, patutulisin ang dulo nito.)*

Simang: May sibat ba s'ya?

Simeon: Malakas s'ya. 'Di na n'ya kailangan ang sibat.

Simang: Eh sinusunod naman n'ya lahat ng sabihin ng --

Simeon: Papang! *(Dali-daling kukunin ang sangang hawak ni Simang, iitsa sa tinatanaw.)*

Simang: Pinapatulis ko pa 'yon!

*(Kukuha ng bato si Simeon, kukunin ang balatik sa bulsa. Babalatikin ang tinatanaw.)*

Simeon: Hindi maabot.

*(Patuloy na kukuha ng mga bato si Simeon at magbabalatik. Lalapitan ni Simang si Simeon, pipigilin sa pagkuha nito ng bato.)*

Simang: Baka maubos mo ang mga bato.

Simeon: ‘Di tayo marinig.

Simang: Eh baka naman hindi ang Papang ang nakita mo.

Simeon: Sabi n’ya, sasakay raw s’ya sa galeon at isasakay n’ya rin tayo. Andu’n s’ya sa galeon ngayon. Di ka ba naniniwala kay Papang?

Simang: Hindi.

Simeon: Tatay natin, hindi ka naniniwala.

Simang: Ayaw n’ya rin sa akin.

Simeon: Iba s’ya kay Nyora Juana.

Simang: Kung iba s’ya, dapat hindi s’ya umalis. Kung gusto n’ya sa akin, hindi magagalit sa akin ang Mamang. Ako ang sinisisi ni Mamang kagabi ‘di ba?

Simeon: Galit din naman s’ya sa akin eh.

Simang: Pa’no tinulak mo na nga, binalatik mo pa.

*(Babalik si Simang sa pagpapatulis ng dulo ng sanga. Aakyat ng puno si Simeon.)*

Simang: Baka mahulog ka!

Simeon: Baka makita n’ya ako ‘pag nasa mas mataas ako.

Simang: Eh pa’no kung wala s’ya sa galeon?

Simeon: Nakita ko nga. Pati pangalan ko, nilagyan n’ya pa ng San, para na rin akong santo. San Simeon.

Simang: Wala nga s'ya sa kubo eh.

Simeon: Kaya nga wala s'ya ro'n sa kubo eh dahil nandu'n na s'ya, sakay ng galeon.

Simang: Sabi ni Mamang, wala raw nakakaalam kung nasaan si Papang.

Simeon: Naniniwala ka kay Mamang?

Simang: Narinig ko. Sinabi n'ya kay Nyora Juana.

Simeon: Kay Papang hindi ka naniniwala.

Simang: Sabi ni Nyora Juana, hindi lang daw naman ang Papang. Marami rin daw ang gano'n, 'yung biglang mawawala. Walang nakakaalam kung saan nagpunta.

Simeon: Akala ko ba hindi ka naniniwala sa Ninang mo?

Simang: Eh pa'no kung totoo?

Simeon: Eh 'di totoo ring maraming pagkain du'n sa galeon.

Simang: *(Itataas ang sangang pinapatulis)* Mira nga tu, puede ya ba esti? [Tingnan mo nga, pwede na ba ito?]

*(Bababa ng puno si Simeon, kukunin ang sanga, hahawakan ang dulo nito. Iaamba kay Simang.)*

Simeon: Tingnan nga natin kung pwede nang panaksak.

*(Tatakbong palayo si Simang.)*

Simang: Ikaw rin?

Simeon: *(Tatawa)* Niloloko lang kita.

Simang: Lahat na lang!

Simeon: Loko nga lang.

(*Kukuha ng bato si Simang, iaamba kay Simeon.)*

Simang: 'Pag lumapit ka, babatuhin kita sa mukha. Asintado ako. Hindi ako duling.

Simeon: *(Natawa)* Loko nga! *(Itatapon ang sanga)* Oh ayan, wala na.

*(Lalapitan ni Simeon si Simang, iaamba ni Simang ang bato. Ipapakita ni Simeong wala na s'yang sandata.)*

Simang: Ang balatik.

Simeon: 'Pag tinapon ko ang balatik, pa'no 'pag dumating s'ya?

Simang: Eh di kunin mo uli.

*(Itatapon ni Simeon ang balatik.)*

Simang: 'Yung mga bulsa mo.

Simeon: Ano naman ang ilalagay ko sa bulsa?

Simang: Baka may mga bato.

*(Dudukutin ni Simeon ang mga batong laman ng bulsa, at itatapon ang mga ito. Itatapon ni Simang ang hawak na bato. Kukunin ni Simang ang sangang pinatulis ang dulo, iduduro kay Simeon, aktong sasaksakin ito. Takot na tatakbo si Simeon.)*

Simang: *(Tatawa)* Nilotoko rin lang kita.

*(Babalik si Simang sa malaking bato, patutulisin muli ang dulo ng sanga. Kukunin ni Simeon ang balatik at maglalagay ng mga bato sa kanyang bulsa.)*

Simang: Hirap palang gumawa ng sibat 'no?

Simeon: 'Di ka kasi kasing lakas ni Papang.

Simang: 'Di naman s'ya marunong gumamit nito. *(Tatawa)* Lagi na lang di natatamaan ang mga baboy ramo.

Simeon: Marunong namang gumawa ng sibat.

Simang: *(Tatawa)* 'Di marunong gumamit ng sibat palibhasa duling.

Simeon: Ikaw naman, banlag.

Simang: Ikaw ang banlag.

Simeon: Ikaw kaya ang kamukha ni Papang.

Simang: Ikaw kaya ang kapangalan ni Papang.

Simeon: Kaya nga pangalan ko ang nilagay n'ya sa galeon. Magkatulad kasi kami.

Simang: *(Tatawa)* Eh 'di ikaw nga ang duling.

Simeon: Hindi ako duling.

Simang: Ikaw ang mana kay Papang.

Simeon: Pwera lang 'yung pagiging duling.

Simang: Eh sino pa ang duling?

*(Magtitinginan. Magtatawanan.)*

Simang at Simeon: Monang!

Simang: Si Monang ang duling.

Simeon: 'Pag sumususo kay Mamang, minsan sa ibang banda s'ya sumusubo.

Simang: Apat na suso ang nakikita.

*(Magtatawanan. Kukunin ni Simeon ang sangang pinapatulis ni Simang.)*

Simeon: Ako na nga lang.

Simang: *(Kukunin ang sanga)* Mayroon ka nang balatik.

Simeon: Ang tagal mo eh.

Simang: *(Patutulisin ang dulo ng sanga)* Binibilisan na nga.

*(Kukuha rin ng sanga si Simeon at patutulisin ang dulo.)*

Simeon: Baka dumating na s'ya.

Simang: Nasa simbahan uli siguro.

Simeon: Alam n'yang dito natin tinitingnan ang pag-alis ng galeon.

Simang: Matagal pa 'yun.

Simeon: Kagabi pa tayo nandito eh.

Simang: ‘Di naman s’ya maaaring tumakbo.

Simeon: Buti nga hindi nakakatakbo. Nakatakbo tayo.

*(Patlang.)*

Simang: Alam mo ba kung bakit?

Simeon: ‘Di ko alam. Gusto ko lang sanang umihi kaya nagising ako. Hinila na nga lang kita eh.

Simang: Eh ‘yung kay Nyora Juana, alam mo kung bakit?

Simeon: Akala ko ba, narinig mo silang nag-uusap?

Simang: Hindi masyado eh. Tinitingnan ko kasi ‘yung mga plorera. Ang dami ‘no? Narinig ko sabi ni Nyora Juana sa mga Tsino raw ‘yun eh. Buti na lang daw nagkaroon ng galeon, nagkaro’n s’ya ng mga plorera.

Simeon: ‘Yon, narinig mo, ‘yung mahalaga hindi mo narinig.

Simang: Eh tinitingnan ko nga ‘yung mga plorera. Binibenta raw ng mga Tsino. Lagi na lang maraming binibenta.

Simeon: Kaya hindi ka pwedeng tumira sa kanya.

Simang: Kasi hindi ako mabebenta ng mga Tsino?

Simeon: Gusto mong ibenta ka?

Simang: Hindi.

*(Pupunta sa dulo ng burol si Simang. Tatanaw.)*

Simang: *(Tatalon at kakaway)* Papang! Papang!

Simeon: *(Lalapitan si Simang)* Nakita mo na?

Simang: Hindi. Pero baka nga naroon s’ya sa galeon.

Simeon: Naniniwala ka na?

Simang: Gutom na gutom na ako eh. Dapat makita na tayo ni Papang. *(Tatalon at kakaway)* Papang! Papang! Papang! (*Biglang matatakot, tatakbo palayo, magtatago sa malaking bato.)*

Simeon: Bakit?

Simang: Magtago ka. Baka makita tayo.

Simeon: Dapat nga makita tayo ng Papang.

Simang: Ang mga Tsino baka makita tayo. ‘Di ba maraming Tsino sa galeon?

Simeon: *(Tatawa)* Walang Tsino sa galeon. Mayroon silang mga maliliit na bangka sabi ni Nyora Juana.

Simang: Eh baka naroon sila.

Simeon: Bakit naman natatakot ka sa mga Tsino?

Simang: ‘Di nga nila ako mabebenta, ‘di ba? Eh ‘di ayaw nila sa akin. Baka galit din ang mga Tsino sa akin kaya ayaw ni Nyora Juanang tumira ako sa kanya. Baka bawiin ng mga Tsino ang mga plorera.

Simeon: *(Lalapitan si Simang, tatawa)* Kaya ayaw ni Nyora Juanang tumira ka sa kanya ay dahil tatlong Tsino ang asawa n’ya.

Simang: Sinabi n’ya? Narinig mo?

Simeon: Narinig ko sa tindahan ni Nyol Luciano. ‘Di raw alam nu’ng tatlong Tsino. Nagpupunta si Nyora Juana sa mga maliliit nilang bangka kung gabi. Salit-salitan raw s’ya sa mga bangka bawat gabi.

Simang: (*Unti-unting lalabas mula sa pagtatago sa bato)* ‘Di ba ‘yung isang marino ng galeon ang asawa n’ya?

Simeon: Marami ngang asawa kaya hindi ka pwedeng tumira sa bahay n'ya. Baka idaldal mo, malalaman ng mga asawa n'ya, mag-aaway-away sila.

Simang: Akala ko pa naman, ayaw lang sa akin ng mga Tsino. Mabuti na lang, hindi naman pala.

Simeon: Ang Mamang lang ang ayaw sa 'yo.

Simang: Ang Mamang lang pala ang gustong pumatay sa akin.

*(Patlang. Isasaksak-saksak ni Simang ang sangang pinapatulis sa lupa, tinatantiya kung maisasaksak na nga ito.)*

Simeon: *(Kukunin ang sanga)* Mapupudpod.

Simang: *(Babawiin ang sanga)* 'Di pa nga matulis eh. *(Papatulisin ang dulo ng sanga.)* Dapat marami akong sibat ha? Lahat matulis.

*(Kukuha pa ng sanga si Simeon sa puno.)*

Simeon: 'Pag hindi kinaya ng sibat, gagamitin ko ang balatik.

Simang: Dapat sa mukha para masakit.

Simeon: Asintado naman ako eh.

*(Dadalhin ni Simeon kay Simang ang mga nakuhang sanga.)*

Simeon: Oh ayan marami na 'yan ha?

Simang: Simeon, pa'no na kaya si Monang?

Simeon: Baka dinala uli sa simbahan.

Simang: May kukuha kaya sa kanya ngayon? Kahapon, pawis na pawis na tayo sa pintuan ng simbahan para tingnan kung may kukuha sa kanya, wala pa rin.

Simeon: Baka ngayon mayroon na.

Simang: Paano kung wala?

*(Magtitinginan sina Simeon at Simang. Patlang.)*

Simeon: Balikan natin si Monang.

Simang: ‘Di pa matulis ang mga sanga.

Simeon: Mayroon naman akong balatik.

Simang: Paano kung di mo tamaan?

Simeon: Asintado ako.

Simang: Eh kung matamaan mo at pagkatapos ay mabitawan si Monang? Malalaglag si Monang. Mababagok ang ulo. Baka mamatay.

Simeon: Saluhin mo.

Simang: Ayokong lumapit kay Mamang.

Simeon: Sasaluhin mo lang si Monang at pagkatapos ay tumakbo ka na.

Simang: Baka maabutan ako.

Simeon: Paano tayo maabutan ni Mamang, eh pilay s’ya?

*(Tutusuk-tusukin ni Simang ang daliri gamit ang sangang pinapatulis.)*

Simang: ‘Di pa rin masyadong matulis eh.

Simeon: Gawin na lang natin ‘yung kagabi. Nu’ng dinadaganan n’ya ng unan ang mukha mo. Tutulakin ko s’ya. Saluhin mo si Monang, at pagkatapos ay tumakbo ka, mabilis na mabilis. Titirahin ko s’ya ng balatik para hindi na n’ya tayo mahabol.

Simang: Natamaan mo ba si Mamang kagabi?

Simeon: Sigurado ako. Kaya nga nakatakas tayo eh.

Simang: Baka hindi n’ya lang nagawang tumakbo.

Simeon: Eh basta, ‘yun ang gagawin natin. Pero ngayon ha? Tumakbo ka agad. Baka kailangan na naman kitang hilahin para lang tumakbo ka.

Simang: Natakot ako eh. Natakot ako kagabi. Natakot ako sa mukha ni Mamang.

*(Ibibigay ni Simeon ang mga sanga kay Simang.)*

Simeon: Oh, para hindi ka na matakot. 'Pag malapit ka na kay Mamang, hampasin mo s'ya.

Simang: 'Di ko na sasaksakin?

Simeon: 'Di masyadong matulis eh.

Simang: Kung ikaw na lang ang kumuha kay Monang? Hintayin ko na lang kayo rito.

Simeon: Hindi maaari. Paano ko titirahin ng balatik si Mamang kung karga ko pa si Monang?

Simang: Dapat may kumuha na kay Monang sa simbahan.

Simeon: Baka pareho kayo. Baka ayaw din sa kanya.

Simang: Bakit ayaw sa kanya?

Simeon: *(Tatawa)* Baka marami ring asawa 'yung mga pumupunta sa simbahan.

*(Makikitawa si Simang. Kukunin ni Simeon ang mga sangang pinatulis at maglalagay ng mga bato sa bulsa.)*

Simeon: Halika na. Baka maya-maya lang ay hanapin na tayo ni Papang.

Simang: Pagkatapos ba nating makuha si Monang, pupunta na agad tayo sa galeon?

Simeon: Hindi naman tayo maaaring pumunta ro'n eh.

Simang: Akala ko ba nasa galeon ang pangalan mo?

Simeon: Naroroon nga.

Simang: Eh di sa 'yo ang galeon. 'Yung pangalan ni Nyol Luciano pinaskil n'ya sa tindahan, para raw sabihin sa lahat na kanya ang tindahan. Maaari na tayong pumunta sa galeon upang hanapin ang Papang. Iyo ang galeon.

Simeon: Dapat dalhin tayo ng Papang. Palalayasin tayo ng mga marino kung hindi natin kasama ang Papang. Gano'n daw ang mga marino eh, sabi ni Nyora Juana, mahilig magpalayas.

*(Aktong mag-e-eskrima si Simang.)*

Simang: Ganito ba, parang espada?

Simeon: Kahit ihampas mo na lang.

Simang: *(Aktong humahampas)* Parang sa kutsero pala. *(Tatawa.)* Kung magiging kabayo ang Mamang, hindi rin pala s'ya pwedeng humila ng karitela. *(Aktong kabayong pilay na tumatakbo)* Ganito s'ya.

Simeon: Puro ka kalokohan. Halika na.

*(Maririnig ang tinig ni Mamang.)*

Mamang: *(Labas ng entablado)* Simeon! Simang!

*(Magkakatinginan sina Simeon at Simang. Iaamba ang balatik at sanga, pupuwestong parang makikipaglaban.)*

Mamang: *(Labas ng entablado)* Simeon! Simang!

*(Magtatago sa puno si Simang.)*

Simeon: Gamitin mo ang sanga.

Simang: Mas malaki s'ya. Baka maagaw n'ya ang sanga.

Mamang: (*Labas ng entablado*, *papalapit ang boses*) Simeon! Simang! Nasaan na kayo?

*(Magtatago rin sa puno si Simeon.)*

Simang: Bakit nagtatago ka rin?

Simeon: Banlag ako eh.

Simang: Akala ko ba si Monang lang ang duling?

Simeon: Banlag lang ako, hindi duling. Hindi ko natamaan ang Mamang kagabi.

Simang: Sabi mo --

Simeon: Hindi nga!

Simang: H'wag kang maingay baka marinig tayo.

*(Papasok si Mamang, kipkip si Monang na umiiyak. Pasususuin si Monang.)*

Mamang: Heto na, heto na. H'wag ka nang umiyak. Kaya tuloy walang kumuha sa 'yo sa simbahan, lagi ka na lang umiiyak. Maging ang fraile nagalit na. Pinaalis tuloy tayo. Simeon! Simang!

*(Iiyak muli si Monang, higit na malakas.)*

Mamang: *(Ipaghehele si Monang)* Tahan na. Tahan na. Nasaan na nga ba 'yung mga kapatid mo? Simeon! Simang! Puñeta! Nasa'n ba kayo?

*(Lilinga-linga si Mamang. Mapapansin sina Simeon at Simang na nagtatago sa puno.)*

Mamang: Letse! Nariyan lang pala kayo.

*(Lalapitan ni Mamang sina Simeon at Simang. Tatakbo silang palayo kay Mamang. Iaamba nila ang balatik at sanga.)*

Simeon: H'wag kang lalapit.

Mamang: Titirahin mo na naman ako ng balatik? Banlag ka nga eh. *(Patuloy na lalapit sa dalawang bata.)*

Simang: H'wag kang lalapit!

*(Lalapitan ni Mamang si Simang, hahampasin ni Simang ng sanga si Mamang.)*

Mamang: *(Hahampasin ng saklay si Simang sa tiyan)* Cabrona! [Hayop!]

*(Iiyak si Simang. Titirahin ni Simeon ng balatik si Mamang.)*

Mamang: *(Hahampasin ng saklay si Simeon sa mukha)* Tarantao! [Tarantado!]

*(Lalapitan ni Simeon si Simang, pilit itatayo.)*

Simeon: Halika na! Tumakbo na tayo!

Simang: *(Umiiyak)* Masakit. Masakit ang tiyan ko.

*(Pilit bubuhatin ni Simeon si Simang.)*

Simeon: Baka patayin tayo.

*(Titisurin ni Mamang ng saklay si Simeon.)*

Mamang: Tonto! [Bobo!]

Simeon: *(Iiyak)* Isusumbong ka namin kay Papang!

Mamang: Papang? Nasaan ang iyong Papang? Alam mo?

Simeon: Naroon sa galeon. Kukunin n'ya kami. Sasakay kami sa galeon. Iiwan ka namin!

Mamang: Wala s'ya sa galeon!

Simang: Nakita s'ya ni Simeon.

Mamang: Hindi s'ya maaaring sumakay sa galeon.

Simeon: Kanya ang galeon. Nasa galeon ang pangalan namin!

*(Iiyak ng malakas si Monang. Patlang.)*

Mamang: *(Naiiyak, pasususuin si Monang)* Kumukuha lang ng puno ang tatay n'yo. Kumukuha ng puno upang magkaroon ng trosong gagamitin sa paggawa ng galeon. Hindi sa kanya ang galeon. Hindi sa 'yo.

Simeon: Pero ang pangalan ko --

Mamang: Wala ang pangalan mo sa galeon!

Simang: Pa'no mo nalaman? 'Di ka rin naman marunong bumasa ah.

Mamang: 'Di nga ako marunong magbasa, pero alam ko, polista lang ang tatay n'yo.

Simeon: Alam din namin 'yon. Pinili nga s'ya 'di ba? Pinipili ang mga polista. Pinili ang Papang upang gumawa ng galeon. Nasa galeon ang pangalan namin, amin ang galeon.

*(Lalong iiyak si Monang. Mauupo si Mamang sa malaking bato, pasusuSuin si Monang.)*

Monang: Sandali na lang, maya-maya lang, hindi ka na magugutom. *(Kina Simeon at Simang)* Kayong dalawa rin.

*(Lalapitan ni Simeon si Simang.)*

Simeon: Masakit pa ba?

Simang: *(Hahaplusin ang pisngi ni Simeon)* Namumula ang mukha mo.

Simeon: Ang tiyan mo?

*(Tatayo si Simang, aalalayan ni Simeon.)*

Simang: *(Pabulong)* Pwede na siguro akong tumakbo. Titiisin ko na lang kahit masakit. Paano mo tutulakin?

Simeon: Basta tutulakin ko ng malakas at pagkatapos ay saluhin mo agad si Monang. Tumakbo ka ng mabilis.

Mamang: *(Tuloy sa pagpapasuso)* H'wag na kayong magbulungan, naririnig ko rin kayo.

*(Akmang lalapit si Simeon kay Mamang. Hindi gagalaw si Simang. Mapapansin ni Simeong hindi sumusunod sa kanya si Simang. Lalapitan si Simang.)*

Simeon: Ano pa'ng hinihintay mo?

Simang: Natatakot ako.

Simeon: Mag-isa lang s'ya. Tayo, dalawa. Hindi naman s'ya kakampihan ni Monang eh.

Simang: Mayroon s'yang saklay.

Simeon: Pilay s'ya.

Simang: Baka hamapasin uli tayo.

Mamang: Oo. Hahampasin ko kayo ng hahampasin hanggang sa mamatay na kayo.

*(Kukuha ng bato si Simeon, babatuhin si Mamang, hindi tatamaan.)*

Mamang: Manang-mana ka sa iyong ama. Duling na duling.

*(Aalalayan ni Simeon si Simang na makatayo.)*

Simeon: Halika na, halika na. Prontu! [Bilis!]

Mamang: Saan kayo pupunta? Doon sa galeon? Bubugbugin lang kayo ng mga marino.

Simeon: Hahanapin namin ang Papang.

Mamang: Wala na nga ang Papang mo!

Simang: Ikaw lang nagsasabi!

Mamang: *(Tatayo)* Ako lang? Halika. Bumalik tayo roon sa kubo. Tanungin muli natin ang mga taong naroroon. Tanungin muli natin ang mga polista at ang mga guardia. Isa-isang muli. Isa-isa upang isa-isa rin muli nating marinig na hindi nila alam kung nasaan ang inyong Papang. Alam n'yo ba 'yung sinabi nu'ng polistang taga-Pampanga? Baka naipit daw nu'ng isang tinumbang puno. Baka dalawang puno raw ang nakita, hindi nakailag dahil duling. Tumawa s'ya ng tumawa. Tumawa ng tumawa, tumawa ng tumawa. *(Maiiyak, mapapaupo)*

*(Patlang. Iiyak si Monang.)*

Mamang: Callaboca! Callaboca! [Tumahimik ka! Tumahimik ka!] Callaboca. [Tumahimik ka.] 'Yun ang sinabi sa akin, lahat, lahat sila. Tumahimik. H'wag na raw magtanong. H'wag nang tanungin ang kahit na sino. Gano'n lang daw talaga ang mga polista. Magtatrabaho. Hindi pauuwiin sa sariling bahay. Bibigyan ng rasyon ng bigas. 'Yun ang kabayaran. 'Yun lang. 'Yun ang kinakain natin. Araw-araw.

Araw-araw nating pinupuntahan ang inyong Papang upang kunin ang bigas, upang may makain tayo. Araw-araw. Bakit biglang wala na s'ya kahapon? Hindi ko alam. Hindi nila alam. Tumahimik. Tumahimik na lang daw.

*(Tatakbo si Simeon palapit kay Mamang, aagawin si Monang. Tutulakin ni Mamang si Simeon. Hindi maaagaw ni Simeon si Monang.)*

Mamang: Tonto! [Bobo!] Ano'ng gagawin mo?

Simeon: Pupunta kay Nyora Juana!

Mamang: Ang pinsan kong primera puta. Tinanggihan na nga ang kapatid mo.

Simeon: Cung abuelo y abuela. [Kina lolo at lola.]

Mamang: Paano? Maglalakad ka hanggang Ternate? Lahat ng pera natin naubos na nu'ng sinundan natin ang inyong Papang, nu'ng kinuha s'ya upang maging polista rito sa Cavite Viejo. Maging 'yung bahay na tinitirhan natin sa silong ni Juana, tiniyaga lang ng inyong Papang na buuin gamit ang kung anu-anong mga sanga. Nagbabayad tayo kay Juana, kalahati ng rasyon ng bigas, araw-araw. At ngayong wala na ang inyong Papang, wala na tayong rasyon, umalis na raw tayo. Saan tayo pupunta?

*(Tatakbo si Simang palapit kay Mamang, aagawin si Monang. Hahampasin ni Mamang ng saklay si Simang. Iiyak si Simang.)*

Mamang: Hindi ko na alam! Hindi ko na alam kung ano ang gagawin.

Simang: Gusto ko kay Papang, hindi kami sinasaktan.

Mamang: *(Ngingiti)* Gusto n'yo sa Papang n'yo? Gusto ko rin. Gusto kong sumunod sa kanya. Tayong lahat. Doon tayo kung nasaan man s'ya.

*(Pupunta sa dulo ng burol si Mamang.)*

Mamang: Ang laki hindi ba? Ang laki ng galeon. Ang laki na tuloy ng pera ni Juanang madamot dahil sa galeon. Ang sabi n'ya, marami raw ang nagiging mayaman dahil sa galeon. Ang laki ng galeon, nguni't ang liit-liit natin.

Simeon: Nandu'n ang pangalan ko.

Mamang: Wala nga ang pangalan mo. Ni hindi nga tayo maaaring tumapak sa galeon. Kahit ang Papang mo.

Simeon: Mentirosa! [Sinungaling!]

Mamang: Ang Papang n'yo ang sinungaling. Kung anu-ano ang mga sinabi sa inyo upang di n'yo makitang napakahirap ng ating buhay. Upang maging maligaya kayo, kahit konti, kahit paano. Naiintindihan mo ba? *(Kay Simang)* Tu? [Ikaw?] Naiintindihan mo? *(Kay Monang)* Ikaw? Naiintindihan mo?

*(Iiyak si Monang.)*

Mamang: H'wag kang umiyak! Utang na loob, h'wag ka nang umiyak. H'wag ka nang umiyak.

*(Iiyak si Mamang. Patlang.)*

Simeon: Si Monang, gusto mong ibigay sa simbahan. Si Simang, gusto mong ibigay kay Nyora Juana. Ako, Mamang? Kanino mo ako nais ibigay?

Mamang: *(Ngingiti kay Simeon)* Hindi. Hindi kita ipamimigay. Alam ko, wala rin namang kukuha sa 'yo. Wala ring maaawa. Dadalhin kita rito. Dito, Simeon. Gustong-gusto mo rito 'di ba? Dito kung saan tanaw mo ang galeon. Ang pangako ng iyong Papang. Ang iyong sariling galeon.

Simeon: Sabi mo, hindi naman sa akin ang galeon.

Mamang: Ngayon hindi. Pero maya-maya lamang, magiging iyo na.

*(Iiyak si Monang. Ipaghehele ni Mamang.)*

Mamang: *(Mapang-alo)* H'wag ka nang umiyak, aking anak. Kahapon, kanina, nilalampas-lampasan ka lamang ng mga tao sa simbahan. Mamaya, 'pag nakita ka nila, kakargahin ka nila. Maiiyak sila. Magsisisi sapagka't minsa'y nilampasan ka nila.

*(Lalapitan ni Simeon si Simang. Pilit itatayo.)*

Simeon: Halika na, halika na.

Mamang: Ibebenta mo ba sa mga Tsino ang kapatid mo, Simeon?

Simeon: *(Kay Simang)* Halika na.

Simang: *(Naiyak)* Dueli. [Masakit.] Masakit.

*(Pupunta sa dulo ng burol si Mamang.)*

Mamang: 'Pag umalis kayo, (*akmang ihuhulog sa burol si Monang),* ito ang mangyayari.

*(Iiyak si Monang.)*

Simeon: H'wag!

*(Susugurin ni Simeon si Mamang, titisurin ang saklay nito, makukuha si Monang. Matutumba si Mamang.)*

Mamang: *(Naiiyak na natatawa)* Mahal na mahal mo ang mga kapatid mo. Matutuwa ang iyong Papang.

*(Tutulungan ni Simeon na tumayo si Simang.)*

Simeon: Kayanin mo.

*(Lalapitan sila ni Mamang.)*

Mamang: Wala akong alam gawin na ikabubuhay natin, Simeon.

Simeon: *(Inaalalayan si Simang na tumayo)* Bilisan mo na.

Mamang: At wala ka ring alam. Napakabata mo pa.

Simang: Masakit talaga. ‘Di ko kaya.

Mamang: Kahit ang maging puta ng mga marino, hindi rin daw ako maaari sabi ni Juana. Ayaw daw nila ng putang pilay.

Simeon: *(Ipapakarga si Monang kay Simang)* Kargahin mo.

Mamang: ‘Di makapagtanim at walang lupa. Hindi maaaring maging alipin, at walang among kukuha sa akin. Sabi ni Juana, magiging pasanin lang daw ako.

*(Unti-unting makakatayo si Simang nguni’t matutumba muli.)*

Simang: *(Masakit ang tiyan)* Hindi ko kaya. Masakit!

*(Malalapitan sila ni Mamang.)*

Mamang: *(Kay Simang)* Mi hija. [Anak ko.] Saan masakit?

*(Patlang. Magtitinginan sina Mamang at Simang. Nakatingin sa kanila si Simeon.)*

Simang: Ang tiyan ko.

*(Akmang kukunin ni Mamang si Monang. Ibibigay ni Simang si Monang kay Mamang.)*

Simeon: H’wag!

*(Akmang aagawin ni Simeon si Monang, hahampasin s’ya ng saklay ni Mamang. Iiyak si Simeon. Lalapitan s’ya ni Mamang.)*

Mamang: Tingnan ko ang iyong mukha. *(Akmang hahaplusin ang pisngi ni Simeon)*

Simeon: *(Tatabigin ang kamay ni Mamang)* Ayoko!

Mamang: *(Lalawayan ang daliri, pilit na ipapahid sa mukha ni Simeon)* Upang hindi na sumakit.

Simeon: *(Iiyak)* Gusto ko sa Papang. Gusto ko sa Papang.

*(Patlang.)*

Mamang: Patay na s’ya.

Simeon: Hindi mo alam!

Mamang: Kung buhay pa s'ya, umuwi na s'ya ng bahay, umuwi na s'ya sa atin.

Simeon: 'Mang, baka talla el Papang na galeon. ['Mang, baka nandu'n si Papang sa galeon.]

Mamang: Patay na ang Papang mo! Patay na! Patay na. *(Iiyak)* Patay na s'ya, Simeon. Patay na.

Simang: Tama na!

*(Patlang.)*

Mamang: *(Aayusin ang sarili)* Gusto n'yo bang pumunta tayo sa galeon?

Simang: Sabi mo hindi naman tayo papapasukin.

Mamang: Maaari tayong tumalon.

Simeon: Ang layo.

Mamang: Malayo talaga sa atin ang galeon. Malayong-malayo.

Simang: Mahuhulog tayo.

Mamang: *(Kay Simeon)* 'Pag nahulog tayo, makikita na natin ang iyong ama.

Simeon: Mamamatay tayo.

Mamang: Magugutom tayo. Mamatay tayo sa gutom.

Simang: Kumain tayo ng damo.

Mamang: Hindi tayo kambing.

*(Mula sa kalayuan, maririnig ang pagputok ng mga kanyon. Pupunta sa dulo ng burol si Mamang.)*

Mamang: Tapos na ang misa ng pari. Aalis na ang galeon. Wala na ang iyong ama. Mawawala na rin ang galeon. *(Kay Simeon)* Naniniwala ka na? Naniniwala ka na

ba sa akin, Anak? Kung gusto n'yong makita ang inyong ama, kailangan nating mamatay.

Simeon: Paano namin makikita kung patay na kami?

Mamang: Sa simbahan, kung pumupunta tayo, mayroong sinasabing langit ang pari hindi ba? Doon pumupunta ang mga patay. Doon pupunta ang lahat pa ng mamamatay. Doon tayo pupunta. Naroon na ang inyong ama.

Simang: Hinihintay tayo?

Mamang: Oo.

*(Titingin sa baba ng burol si Simeon.)*

Simeon: Hindi ba masakit 'pag tumalon tayo? Masakit pa ang tiyan ni Simang.

Mamang: Hindi. Hindi masakit. Pumikit lang kayo, pagkatapos, sa ating pagdilat, magiging maligaya na tayo.

*(Patlang.)*

Simang: Maraming pagkain?

Mamang: Maraming pagkain.

Simeon: 'Di mo kami niloloko?

Mamang: Naroon na ang inyong ama, hinihintay na tayo upang saluhan s'ya sa pagkain.

*(Patlang.)*

Simang: Sa langit ba, duling pa rin ang Papang?

Mamang: *(Natatawa)* Hindi na. Doon, asintado na s'ya.

Simang: *(Kay Simeon)* Hindi ka na rin magiging banlag!

Simeon: 'Di na sasakit ang tiyan mo. Lagi ka nang magiging busog.

*(Patlang. Lahat sila'y tatanaw sa kalayuan.)*

Mamang: Unahin natin si Monang ha?

*(Itatapon ni Mamang si Monang. Maririnig ang pag-iyak ni Monang at ang unti-unting pagkawala ng tinig nito. Titingin silang tatlo sa baba.)*

Mamang: Tingnan n'yo, tila natutulog lang.

Simang: Dumilat na ba s'ya?

Mamang: Hinihintay n'ya pa tayo.

Simang: Baka may masakit sa kanya.

Mamang: Paano'ng magkakaroon ng masakit sa kanya, hindi na s'ya naiyak ngayon?

Simang: *(Kay Simeon)* Natatakot ako.

Simeon: *(Hahagurin ang buhok ni Simang)* Sandali na lamang, makakakain ka na rin.

Simang: Sigurado ka ha?

Simeon: Sabi ng Mamang.

Simang: Naniniwala na ba tayo ngayon kay Mamang?

Simeon: Pupunta na tayo kay Papang.

*(Dahan-dahang maglalakad si Simang. Sa aktong tatalon na, matatakot.)*

Simang: *(Kay Simeon)* Hindi ko kaya.

Simeon: Pikit ka.

*(Pipikit si Simang.)*

Simeon: *(Hahawakan ang kamay ni Simang)* Lakad ka. H'wag kang matakot. Hawak kita.

*(Dahan-dahang lalakad sina Simeon at Simang.)*

Simeon: Kahit ano'ng mangyari, h'wag kang didilat.

*(Pagdating sa pinakadulo ng burol, tutulakin ni Simeon si Simang. Maririnig ang pagsigaw ni Simang.)*

Simeon: H'wag kang didilat! H'wag kang didilat!

*(Mawawala ang tinig ni Simang. Patlang. Titingnan ni Simeon si Mamang. Nakatanaw sa papalayong galeon si Mamang.)*

Simeon: Busog na kaya si Simang?

Mamang: 'Pag tumalon tayo.

Simeon: Tatalon na ba tayo?

Mamang: Pagtalon natin, tingnan mo ang galeon.

Simeon: Ang layo na. Ang layo-layo.

Mamang: Sandali na lang, magkakaroon ka na ng sariling galeon.

Simeon: Marami bang galeon sa langit?

Mamang: Lahat ng gusto mo, naroon.

*(Iaalok ni Mamang ang kamay kay Simeon. Hahawak sa kamay ni Mamang si Simeon.)*

Simeon: Ilalagay ko ang pangalan ko sa lahat ng galeon.

Mamang: Pumikit ka na.

*(Pipikit si Simeon.)*

Simeon: (*Ngingiti)* Nakikita ko na ang galeon ko.

*(Bibitawan ni Mamang ang saklay. Didilat si Simeon, yayakap kay Mamang. Yayakapin ni Mamang si Simeon. Yakap si Mamang, aalalayan s'ya ni Simeon sa paglakad. Tatalon sila.)*

Simeon: San Simeon!

*(Mapapawi ang tinig ni Simeon kasabay ng biglang pagkamatay ng ilaw.)*

W A K A S